

Wikang Lokal at Filipino sa Pananaliksik:

Isang Naratibong Sosyolohikal*



Clarence M. Batan

Unibersidad ng Santo Tomas

Si **Batan** ay isang sosyolohista na dalubhasa sa larangan ng pagkabata at kabataan. Siya ay Kawaksing Propesor mula sa Fakultad ng Sining at Panitik, Professorial Lecturer sa Gradwadong Paaralan, at Direktor ng Research Center on Culture, Education and Social Issues (RCCESI) sa Unibersidad ng Santo Tomas. Siya ang may-akda mga aklat na TALIM: Mga Kwento ng Sampung Kabataan (2000), at Batong Bahay: Naratibo ng Kahirapan at Tagumpay ng Isang Karaniwang Pamilyang Pilipino (2010). Bahagi siya ng Technical Committee for Sociology ng Commission on Higher Education (CHED) mula 2010 – 2016.

Abstrak

Ang naratibong ito ay kuwento ng pagtatangka ng isang sosyolohista na gumamit ng wikang lokal at Filipino sa pananaliksik. Layon ng papel na silipin ang parehong tensiyon at katuturan sa paggamit ng wikang lokal at Filipino sa pananaliksik bilang kontribusyon sa pagpapalaganap ng isang uri ng Sosyolohiya na nagtatangkang kumatawan sa boses ng mga pinagmulan ng datos. Sa pamamagitan ng paglalahad ng tatlong maikling kuwento, intensiyon ng may-akda na buksan ang diskurso sa kahalagahan ng paggamit ng wikang lokal at Filipino sa gitna ng hamon na ang mga konsepto at teorya ng Sosyolohiya bilang disiplina ay madalas nasa wikang Ingles.

Mga Susing Salita

Wika ng Sosyolohiya, Usapin ng Wika ng Pananaliksik, Sosyolohiyang Pilipino, Wikang Filipino sa Sosyolohiya

*Papel na binasa sa Hasaan 4: Pambansang Kumperensiya sa Pagpapaigting ng Kadalubhasaan sa Wika, Panitikan at Pananaliksik, Unibersidad ng Santo Tomas-Maynila, Oktubre 16-18, 2013. Pasasalamat ang ipinaabot sa mga na katuwang na mananaliksik para sa pagsisinop ng borador: Janssen Martinez, Charmaine Perez, Keith Joven, Debbie Manalili, Andrew Lacsina, Shayne Ruebe, Isabella Malonzo, Angelo Asuncion.



HASAAN

Ang Kwento ng TALIM

Abril 20, 1998

Sa Room 3128, Faculty Center, Unibersidad ng Pilipinas - Diliman

Mahigit dalawang taon na rin akong pabalik-balik sa UP-Diliman. At sa bawat pagsakay ko sa dyip mula Philcoa papunta sa Faculty Center kung saan naroon ang Departamento ng Sosyolohiya, palagi akong may nadaramang kaba sa dibdib. At sa lahat ng aking mga asignaturang kinuha, hindi nawawala ang pangambang baka hindi ko matapos ang aking masters degree sa Sosyolohiya. Ngunit sa araw na ito, mas higit pa sa kaba ang aking nararamdaman dahil ito ang araw ng aking MA proposal defense. Mainit ang panahon dahil tag-init pero damang-dama ko ang lamig sa aking mga kalamnan. Nasilip at nasuri naman ito ng aking thesis adviser na si Dr. Sylvia Guerrero, na noon ay direktor ng Center for Women's Studies pero gayumpaman, abot-abot ang pagpatak ng aking di mapigilang pawis kahit sinigurado ni Dr. Guerrero na matutulungan ako ng aking panel of examiners. Ito ay binubuo nina Dr. Maria Cynthia Bautista (ang aking kritik), Dr. Nanette Dungo, Dr. Clemen Aquino, at Dr. Carolyn Sobritchea. Limang babaeng batikan sa larangan ng agham panlipunan at pananaliksik.

Medyo madilim ang kuwartong pinagdausan ng aking proposal defense pero di ko na ito pansin dahil nang magsimula ang aking presentasyon, malinaw pa sa sikat ng araw ang mga nagtataakang mukhang tumambad sa akin. Hindi ko batid kung bakit habang nagpapaliwanag ako ng aking research proposal, may mga kakaibang ekspresyong gumuguhit sa mukha ng aking mga examiners. Nadama kong parang may iba; parang may diskoneksiyon; parang may mali. Sa aking palagay, hindi naman siguro ang aking paksang pag-aralan ang kalakaran ng buhay ng mga kabataan sa isla ng Talim? Hindi naman siguro ang teoretikal na balangkas o metodolohikal na disenyo ng aking etnograpiya sa Talim dahil halos anim na buwan naming pinag-usapan ito ng aking adviser? Maayos naman ang aking suot at tiniyak kong malinaw kong maipapaliwanag ang aking pinapanukalang saliksikin.

Pinabayaan ako ng aking adviser at examiners na magsalita ng 30 minuto pero matapos ito, sila na ang nagdiskusyon. Marami silang pinag-usapang bagay-bagay na natatampok sa samu't sari nilang oryentasyon sa Sosyolohiya pero meron isang mahalagang bagay silang napagdesisyunan at napagkasunduan na walang debate, walang kontra.

Wika ng isang examiner, "Clarence, how long have you been immersing with the people of Talim Island?"

CLARENCE F. BATAN

Tugon ko, "About four years Ma'am".

Sambot ng isa pang examiner, "So it means that you very much know the language of Talim?"

"Their culture Ma'am, their lifeways?", pabalik kong tanong.

"No, 'yung Tagalog Talim. Do you speak their language?", susog na tanong ng examiner.

"Opo, gamay ko po ang kanilang wika sa isla. Natututuhan ko na po ito dahil sa matagal kong pakikipamuhay sa kanila," sabi ko.

Palitang-tugon ni Dr. Guerrero at mga examiners:

"E, bakit di natin bigyan ng pagkakataon si Clarence na sulatin ang kanyang thesis sa Tagalog, ang wika ng mga tao sa Talim?"

"Sa ganun, kakatawanin niya ang boses ng pamayanang kung saan siya nakikipamuhay."

"This is one thing that we wanted to do but we cannot because we were not trained to use the local language, although we desire to approach our researches this way."

Itinuturing kong ang aking unang librong TALIM: Mga Kwento ng Sampung Kabataan (Batan, 2000), na hango sa aking masteral thesis sa Sosyolohiya, ay unang nabuo sa araw ng aking proposal defense. Dahil sa araw na ito, ang aking interes na saliksikin ang sosyolohiya ng kabataang Talim ay nabigyan ng makahulugang buhay dahil sa isang mahalagang desisyon ng aking panel of examiners. Ito ay ang pagbibigay sa akin ng kapangyarihang gamitin ang wika ng isla, ang Tagalog-Talim upang magsilbing wika ng aking thesis.

Sa araw na iyon, para akong nabunutan ng tinik na bumabagabag sa paghubog ng aking kasanayan sa Sosyolohiyang Pilipino. Tinanggap ko ang hamong ito at matapos ang isang taon ng pagsusulat ng mga sinaliksik na mga datos, inimitahan ko ang halos 20 tao mula sa Barangay Kasile, Talim Island, kasama ang aking mga youth respondents upang saksihan ang aking thesis defense. Sa awa ng Diyos, nasagot ko ang mga kritikal na tanong ng aking mga examiners at naipaliwanag ko nang maayos ang aking thesis dahil ang wikang aking ginamit, ay wika ng pamayanan, ang wika ng aking pinagsulatan – na sa aking palagay, ay unang dapat makaintindi ng aking pananaliksik, at unang dapat balikan ng datos – dahil iyon ang akmang sosyolohiyang kumakatawan

HASAAN

sa realidad ng kanilang buhay- na ang salamin ay sila at hindi ang pribilehiyo ng lenteng akademya. Doon ko naiintidihan na maituturing na kaluluwa ng pananaliksik ang wika. At kung ang ginamit na wika ng pananaliksik ay banyaga sa pagkatawan sa mga kuwento ng mga taong pinagmulan ng datos, nawawala ang tunay na espiritu ng realidad, dahil nga, isip lang ang tinatalima – nawawala at nagwawala ang kaluluwang dulot ng wika.

Kung susuriin ang kasaysayan ng Sosyolohiya sa Pilipinas (Bautista, 1994, 1998, 2001; C. Lamug, 1998; Porio, 2009), malinaw na ito ay nakaugat sa kolonyal na kasaysayan ng ating bansa na ang pagyabong ay nagsimula nang bumalik ang mga iskolar mula sa Estados Unidos matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Mahalagang bahagi nito ng wikang Ingles na magpasahanggang ngayon ay wikang gamit sa pagtuturo at pananaliksik ng Sosyolohiya sa bansa. Sa aking pagtaya, ang Sosyolohiya bilang agham panlipunan sa ating bansa ay hindi katulad ng Sikolohiya kung saan sa nakaraang apat na dekada, mamamalas na maigting ang pagnanasa ng mga Pilipinong sikolohista na magkaron nang malinaw na balangkas na tinatawag nila ngayong, “Sikolohiyang Pilipino” (mga halimbawa, Enriquez, 1992, 1994; Pe-Pua & Protacio-Marcelino, 2002).

May kaparehong academic movement rin sa larangan ng Kasaysayan, Antropolohiya at Pilosopiya. Ngunit dahop ang kalakaran ng ito ng paglalapat sa buhay-Pilipino sa larangan ng Sosyolohiya, lalong higit, sa larangan ng pananaliksik gamit ang wikang lokal o Filipino. Ang may pinakamalapit na lantad at bukas na intensiyon na nagsulat tungkol rito ay si Dr. Clemen Aquino (mga halimbawa, Aquino, 1998, 2002, 2007). Estudyante niya ako at batid ko, meron na ring pasulpot-sulpot na kapwa sosyolohista na sinanay niya upang magkaroon ng kaparehong oryentasyon sa wika at pananaliksik. Ngunit, wala pang nagsimulang mag-organisa upang ito ay maging isang academic movement.

Kung pagkakalimiin, sa aking paglagay, mababanaag sa akademikong naratibo ng TALIM na tunay na malaki ang potensyal na mas maging makabuluhan ang mga pananaliksik kung ang katutubong wika ang kakatawan sa boses ng pamayanang hinugutan ng mga datos. Ngunit, kapag wika ng disiplina ang pag-uusapan, malaking hamon ang historikal na realidad na ang Sosyolohiya ay kolonyal at maka-Kanluran (Bautista, 1994, 1998; C. B. Lamug, 1999; Porio, 2009). Patunay nito ay (a) ang mga kurikulum ng Sosyolohiya ay nasa wikang Ingles kaya naman puno ng mga Kanluraning konsepto, teorya at metodo ang disiplina; at (b) nakakamanghang isipin na mas gagap sa wikang Ingles ang maraming kapwa sosyolohista na kakilala ko, nagtuturo man o nananaliksik. Samakatuwid, ang di popular na paggamit ng wikang lokal at

Filipino sa larangan ng Sosyolohiya, lalo na sa pananaliksik ay masasabing binabaybay ng kondisyong estruktural na nag-uugat sa banyagang kasaysayan nito, sa banyagang pagsasanay ng mga nagtuturo nito na humugis at patuloy na humuhugis ng kolonyal na Sosyolohiya dahil nga, mas maraming Ingles ang ginagamit kaysa sa likas na wika ng lipunan.

Sa kaso ng TALIM, Ingles ang aking panukala ngunit sa lokal na wikang Tagalog-Talim ko ito isinulat at tinapos. Hindi dahil nagpumilit ako ngunit may limang babaeng eksperto sa agham panlipunan, ang aking panel of examiners, na nagdesisyon, tumaya't sumugal sa magkasalong intensiyon namin – na ang Sosyolohiya ay higit na maintindihan ng pamayanan, ng aking mga respondents, na maituturing kong mahalagang bahagi at katuwang sa pagbuo ng aking pananaliksik. At susi nito ay ang paggamit ng wikang balangkas at kaluluwa ng kanilang buhay.

Ang Kwento ng Batong Bahay

Nagtuloy ang pagkamangha ko sa kapangyarihan ng wikang Filipino nang nagdesisyon akong ikwento ang sosyolohiya ng buhay ng aking sariling pamilya, gamit ang sistematikong metodo ng kwalitatibong pananaliksik. Ito ay nagbunga ng aking ikalawang librong pinamagatang, *Batong Bahay: Naratibo ng Kahirapan at Tagumpay ng Isang Karaniwang Pamilyang Pilipino* (Batan, 2010). Sa aking palagay, ang isang tapyas na bahagi nito, ang *Epilogo: Mga Hamon at Aral ng Bukang Liwayway*, ang maaaring kumatawan kung paano ko ginamit ang kapangyarihan ng wikang Filipino upang maglarawan at maghabi ng aming kwentong-buhay at ilahad ang koneksiyon nito sa lipunan. Ito ang itinuturing kong agham ng lipunang aking ginalawan kasama ang aking pamilya.

March 9, 2009

Binangonan, Rizal

“Malayang tumatawid ang malamig na hangin na maaga pa lang ay dumadalaw na sa aming bahay. Kahit madilim pa ang paligid, naaaninag ko ang pagsayaw ng mga punong Talisay, malunggay at mga saging na tanaw ko mula sa bintana ng aking bagong kwarto. Tanaw ko rin ang malaasul na krus mula sa tore ng aming Katolikong simbahan. Unti-unti ko na ring natatanaw ang kalmadong Lawa ng Laguna kabahagi ang mga bulubunduking natatakpan ng malabulak na ulap. Kahel, dilaw, puti, asul – ito ang mga kulay na magkakahalang sumasabog sa kalawakang ngayon ay

HASAAN

nagbubukas sa aking araw. Bukang-liwayway na naman sa aming batong bahay...

“Siguro, sa una, nadama ng ilang mambabasa na para akong nagmamaktol sa buhay, ‘yun bang parang puno ako ng reklamo at inis sa kondisyon ng aming buhay. Ang totoo, aaminin ko - talaga namang may inis akong nadarama noong lumalaki ako. Totoong nagreklamo ako. Siguro nga, kaya isinulat ko ang buhay namin ay para ipakita kung paano magmaktol ang isang mahirap. Subalit ang aking inis, reklamo’t pagmamaktol ay pinilit kong bigyang saysay sa pamamagitan ng malikhaing paraan. Upang mabigyan ko ng panibagong kahulugan ang sining ng buhay na nagtatago lang sa telon ng madilim na estruktura ng aming kapos na buhay...

“Sa gitna ng lahat ng ito, natayo man ang aming bahay sa ibabaw at paligid ng konkretong bato, hindi naman nagwakas ang mga problema’t tensiyon sa amin, ‘yun bang maituturing kong makulimlim na bahagi ng aming pagkatao. Kahit bato na ang bahay namin, wala pa ring tigil ang paghukay ng aking Daddy sa bangkay ng mga nakaraang nagpasamá sa kanyang loob. Si Mama, minsan, sumasagitsit pa rin ang putaragis at galit. Nagbubunganga siya kapag nalalagay sa sitwasyong ang kanyang pagmamalasakit ay nagdudulot ng masama; taliwas sa kanyang pag-aakalang nakakatulong siya. Ang yabang ko at ang yabang ng aking Kuya Sherwin na pinatitindi ng inggit at inis, selos at kumukutyang kantiyaw, ay bahagi pa rin ng aming pang-araw-araw na buhay. Ito ay sa kabila ng biyaya ng bagong batong bahay. Ngayon ko napagtanto na hindi pala sapat na maging bato ang bahay.

Ang hamon na maging tao sa gitna ng pagkamal ng kapuryak na kayamanan sa mundo, ang maituturing kong isa sa pinakamahalagang aral na natutunan ko sa sampung taon na dumaan. Sa sampung taon na kung saan, mas binigyan ko ng diin ang bato kaysa bahay, bato kaysa buhay (Batan, 135-138).”

Bilang isang repleksyon, kung ang datos ng Batong Bahay ay nasulat sa wikang di naiintindihan ng aking mga magulang, ng aking mga kapamilya, marahil, di sila magiging interesado kung ano ang isinulat ko tungkol sa kanila, tungkol sa amin. Kung hindi ko pinabayaang ang sarili nilang estilo ng pagsasalita sa paglalahad ng kani-kanilang buhay, hindi siguro mailalathala ang aming kwento na tanggap at tiyak na totoo. Higit sa lahat, dahil sa wikang Filipino, nadama ng bawat isa sa amin ang mahirap maintindihan at lumitaw ang natatagong malalim na kahulugan sa bawat kwento na bumabalangkas sa

Sosyolohiya ng aming buhay bilang isang pamilyang Pilipino.

Sa tagal ng pagtuturo ko ng Sosyolohiya, meron na ring mga lokal na produksiyon ng tekstbuk gamit ang wikang Filipino (halimbawa sa UST, Aguilar, Buensuceso, Cabrera, & Origenes, 1995; Fidelino-Cabrera, Duran-Dado, & Romero, 1989). Meron na ring mga pagtatangka sa larangan ng pananaliksik ngunit, kakaunti lang ito kumpara sa dagsa-dagsang mga materyales sa internet na libreng mada-download at mabilis na maibabahagi sa samu't saring social media platforms. Kaya't mas tumindi pa ang laban sa wika, pananaliksik at Sosyolohiya.

Dapat pa bang umaasa na may kahihinatnan ang mga naratibo kong ito tungkol sa Filipino bilang wika ng pananaliksik sa Sosyolohiya?

Kuwento: Wika ng Lipunan, Sosyolohiya at Pananaliksik

Mula sa dalawang naratibong aking ikinuwento, masisipat ang parehong tensiyon at katuturan ng paggamit ng wikang lokal at Filipino sa pagpapalaganap ng isang uri ng Sosyolohiya na ang layon ay katawanin ang mga boses ng mga pinagmulan ng datos. Mababanaag na ang tensiyong ito ay hinubog ng kolonyal na kasaysayan ng disiplina na humugis at patuloy na humuhugis sa mga kurikulum at metodo ng pananaliksik gamit ang wikang Ingles. Bahagi pa nito ang kawalan nang seryosong atensiyon naming mga sosyolohista na pag-usapan – bilang isang diskurso – ang katuturan ng mga lokal na wika sa aming pag-aaral ng lipunang Pilipino. Ngunit batid kong hindi ito madali. Kahit ako, may kalituhan kung paano ko tatantyahin ang diskurso sa pagitan ng mga wika ng lipunan, sosyolohiya at pananaliksik.

Una rito ay ang kawalan na pagtatangka naming mga sosyolohistang Pilipino na mapalitaw ang mga teoryang sosyolohikal mula sa mga pagsusuri ng mga datos na ang lente sana ay sensitibo at kritikal sa konteksto ng ating bansa. Sa intensiyong ito, malaki ang magagawa ng wika. Ngunit maraming wika sa Pilipinas kaya nga malaking hamon sa nakakaraming eksperto ng lingguwistika na gamitin ang Filipino bilang pambansang wika alinsunod sa Konstitusyon. Sa larangan ng Sosyolohiya dito sa bansa, kapos ang atensiyon sa paksang ito.

Ang tensiyong ito ay kinatawan ko mismo dito sa papel. Halimbawa, hindi ko basta-basta matawag na ang wikang aking ginamit sa Talim ay Filipino, dahil ang Tagalog-Talim ay may sariling sangkap na salita't kahulugan na nagpapatingkad sa kultura't pamumuhay sa isla na maituturing kong yaman ng

HASAAN

kulturang Talim. Sa aking palagay, ang wikang Filipino ay wika ng ideyang bahagi tayo ng iisang bansa kaya maituturing itong isang proyekto ng pambansang identidad. Sa proseso ng pagbubuo ng kamalayang Pilipino at maka-Pilipino, may kakayahan nga ang wika na mapag-isa ang bansa. Mas nakakapanabik sanang isipin na kung patuloy na gamitin at payabungin ng mga sosyolohistang mananaliksik ang dokumentasyon gamit ang likas na wika ng pamayanan tulad ng Tagalog-Talim, doon namin matatantiya ang potensyal na bahagi nito sa pag-unlad ng Filipino bilang pambansang wika.

Ang katuturan ng ideyang ito, lalong higit sa sosyolohistang tulad ko, ay kilalanin ang yaman ng iba't ibang lokal na wika sa iba't ibang rehiyon ng bansa bilang tulay sa pagpapatalas ng aming pag-intindi sa kilos at kalakaran ng kultura ng katutubo at kontemporaryong Pilipino partikular, sa pagsasagawa ng aming mga pananaliksik. Ang mahalaga, para magkaroon ng bukas na talakayan tungo sa malayang diskurso ang wika at Sosyolohiya, sana ay seryosong bigyang-pansin ang pagbibigay ng oportunidad ang paghikayat sa mga guro, estudyante, at mananaliksik na ang tesis, disertasyon at anumang akademikong papel sa Sosyolohiya at iba pang larangan ng agham panlipunan ay isulat sa wikang lokal at Filipino. Sa pamamagitan ng pananaliksik gamit ang mga lokal na wika, mas lalalim ang diskurso tungkol sa lipunang Pilipino.

Mababanaag sa aking naratibong Talim at Batong Bahay ang Sosyolohiyang lito, dahop sa lokal na teorya, tensiyonadong guro't mga estudyanteng Ingles pa rin ang pangunahing wika ng pananaliksik dito sa Pilipinas. Hindi nga maitatago na lalo pa sa kontemporaryong panahon ng globalisasyon, may bentahe ang mga may kasanayan sa wikang Ingles sa larangan ng edukasyon at trabaho. Subalit nais kong mangarap na maabutan ko ang panahon na magiging kasing halaga ng Ingles sa pananaliksik ang wikang lokal at Filipino sa disiplina ng Sosyolohiya. Isa sa kongkretong hakbang sa adhikaing ito ay nakapaloob sa isa sa probisyon ng gabay sa pagtuturo ng Sosyolohiya na ipinapanukala ng Commission on Higher Education (Technical Committee for Sociology - Commission on Higher Education (CHED), 2015, p. Artikulo 5: Seksyon 8) na kung saan malinaw na isinaad na mga kursong Sosyolohiya ay “maaaring ituro sa Ingles, Filipino, at anumang wikang lokal.”

Tinitingnan ko itong panibagong imbitasyon upang mabuksan ang pintuan ng diskurso ng wika, Sosyolohiya't pananaliksik sa bansa. Magandang antabayanan kung ilan sa aming mga sosyolohista ang tutugon sa imbitasyong ito.

CLARENCE F. BATAN

Mga Sanggunian

- Aguilar, J. P., Buensuceso, T. S., Cabrera, H. F., at Origenes, J. R. B. *Sosyolohiya Antropolohiya*. Maynila: UST Publishing House, 1995. Nakalimbag.
- Aquino, C. "Pagbabahagi ng kwentong buhay: Isang panimulang pagtingin." S. H. Guerrero (Ed.), *Gender-Sensitive and Feminist Methodologies: A Handbook for Health and Social Researchers*. Lungsod Quezon: University Center for Women's Studies, University of the Philippines, 1998. Nakalimbag.
- Batan, C. M. *TALIM: Mga Kuwento ng Sampung Kabataan (TALIM: Lifestories of Ten Young People)*. Maynila: Social Research Center, University of Santo Tomas, 2000. Nakalimbag.
- . *Batong Bahay: Naratibo ng kahirapan at tagumpay ng isang karaniwang pamilyang Pilipino (Stone House: A Filipino family's narrative of poverty and success)*. Maynila: UST Publishing House, 2010. Nakalimbag.
- Bautista, C. "Reflections on Philippine Sociology in the 1990s." *Journal of Philippine Development*. XXI. 1-2 (1994): 38. Nakalimbag.
- . "Sociology and the social sciences in the Philippines: developments and prospects." *Philippine Sociological Review*, 46 (1998): 66-75. Nakalimbag.
- . "The social sciences in the Philippines: reflection on trends and development." *Philippine Review of Economics*. XXXVIII.1 (2001) Nakalimbag.
- The Constitution of the Republic of the Philippines. (1987) Nakalimbag.
- Enriquez, V. G. *From Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1992. Nakalimbag.
- . *Pagbabangong-Dangal: Indigenous Psychology & Cultural Empowerment*. Lungsod Quezon: Akademya sa Kultura at Sikolohiyang Pilipino, 1994. Nakalimbag.
- Fidelino-Cabrera, H., Duran-Dado, H., at Romero, R. *Sosyolohiya sa Pilipinas Ngayon*. Maynila: UST Printing Office, 1989. Nakalimbag.
- Lamug, C. *Towards A Filipino Sociological Imagination*. (n.p.) 1998. Nakalimbag.
- . "Towards A Filipino Sociological Imagination." V. Miralao (ed.) *The Philippine Social Sciences in the Life of a Nation*. Lungsod Quezon: Philippine Social Science Council, 1999. Nakalimbag.
- Pe-Pua, R., & Protacio-Marcelino, E. "Sikolohiyang Pilipino: Pamana ni Virgilio G. Enriquez" (salin mula sa Ingles nina Atoy Navarro at Jay Yacat ng "Sikolohiyang Pilipino (Filipino Psychology) A Legacy of Virgilio G. Enriquez" *Asian Journal of Social Psychology* 3.1 (2000) *Binhi*, 1.1 (2002). Nakalimbag.
- Porio, E. "Sociology, Society and the Sate: Institutionalizing Sociological Practice in the Philippines." 28, 1-11. Nakalimbag.
- Technical Committee for Sociology - Commission on Higher Education (CHED). "Proposed Policies, Standards, and Guidelines for Undergraduate and Graduate Sociology Programs." Lungsod Quezon, 2015.